## Para matingnan kaagad para sa pagkakagamot

**Tumawag sa 000** o pumunta sa pinakamalapit na 'emergency department'.

## Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete

Mangyari pong tumawag sa 131 450 at hilingin na ikonekta kayo sa 1800 360 000. Ito ay libreng serbisyo.

## Pagkawala ng boses at pagdinig

Tumatanggap kami ng TTY at mga tawag sa pamamagitan ng National Relay Service – Help Desk 1800 555 660

## Ibahagi ang inyong puna

Pinahahalagahan namin ang inyong puna
Email – advice@pcas.org.au
Telepono – 1800 360 000

**www.pcas.org.au**

# 1800 360 000

Ika-7nu–10nh, pitong araw kada linggo

Ang Serbisyo ng Pagpapayo sa Pampaginhawang Pagkaka-alaga ng Victoria ay pinundohan ng Kagawaran sa Kalusugan, pinapagana ng Royal Melbourne Hospital at sinusuportahan ng Pamahalaan ng Victoria

Upang makatanggap ng pahayagang ito na madaling mabasa, tumawag sa 1800 360 000, sa paggamit ng National Relay Service 13 36 77 kung kailangan, o mag-email sa <advice@pcas.org.au>

Awtorisado at nilimbag ng Pamahalaang Victoria, 1 Treasury Place, Melbourne.

© State of Victoria, Disyembre 2024 (2006731)



# Pampaginhawang Pagkaka-alaga ng Victoria

## Serbisyo ng Pagpapayo

# 1800 360 000

Ika-7nu–10nh, pitong araw kada linggo

Para sa lahat na nasa Victoria

Ang hangarin ng pampaginhawang pangangalaga ay upang gumanda ang kalidad ng buhay ng mga tao at pamilya na may mga sakit na naglilimita sa kanilang buhay.

**Ang Serbisyo ng Pagpapayo (Advice Service) na ito ay para sa lahat sa Victoria.**

## Kayo ba ay nabubuhay na may sakit na naglilimita sa buhay?

## Kayo ba ay tagapag-alaga, miyembro ng pamilya, kaibigan o kapitbahay ng isang may sakit na naglilimita sa kanilang buhay?

Maaari kaming tumulong sa mga katanungan katulad ng:

- Paano makakatulong ang pampaginhawang pangangalaga sa taong sinusuportahan ko?
- Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa pagiging isang tagapag-alaga?
- Paano ko mahanap ang tamang serbisyo sa pampaginhawang pangangalaga?
- Ano ang aking gagawin para maibsan ang kirot? Ang aking pagduduwal? Ang aking paghihingal?
- Ano ang kailangan kong pag-isipan at planuhin?
- Paano ako makikipag-usap sa aking tagapag-alaga sa kalusugan tungkol sa pampaginhawang pangangalaga?

## Kayo ba ay isang doktor, nars o iba pang nangangalaga sa kalusugan ng taong may sakit na naglilimita sa buhay?

Ang aming nars o doktor na espesyalista sa pampaginhawang pangangalaga ay makakapagbigay sa inyo ng tulong sa mga problemang katulad ng:

- Pamamahala sa mga sintomas
- Pagpapareseta
- Pagpapalit ng gamot mula iniinum patungong iniinyeksyon
- Patuloy na 'subcutaneous infusions' (iniinyeksyon)
- Paggawa ng desisyon at abanteng pagpaplano sa pagka-alaga.

Hindi kami pwedeng magbigay ng mga reseta, rekomendasyon, mga ulat medikal o pumalit sa mga lokal na tagapag-alaga ng kalusugan.

# 1800 360 000

Ika-7nu–10nh, pitong araw kada linggo

LIBRE AT KOMPIDENSYAL

**www.pcas.org.au**